Ayon kay Ali-malugod si Allah sa kanya-Kami ay nasa libingan sa Baqie Al-Gharqad,Dumating sa amin ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-umupo siya at umupo kami na paikot sa kanya,at may dala siyang patpat,ibinaba niya ang ulo niya at gumawa siya ng hukay gamit ang patpat nito,Pagkatapos ay sinabi niya:((Wala sa inyo na kahit isa maliban sa naisulat ang pag-uupuan niya sa Impyerno at pag-uupuan niya sa Paraiso))Kaya`t nagsabi sila:O Sugo ni Allah,Hindi ba kami magtitiwala sa aklat nami? Nagsabi siya:((Magtrabaho kayo,sapagkat ang lahat ay magiging madali,ayon sa nilikha sa kanya)) Napagkaisahan ang katumpakan

Ayon kay Ali-malugod si Allah sa kanya-Kami ay nasa libingan sa Baqie Al-Gharqad,Dumating sa amin ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-umupo siya at umupo kami na paikot sa kanya,at may dala siyang patpat,ibinaba niya ang ulo niya at gumawa siya ng hukay gamit ang patpat nito,Pagkatapos ay sinabi niya:((Wala sa inyo na kahit isa maliban sa naisulat ang pag-uupuan niya sa Impyerno at pag-uupuan niya sa Paraiso))Kaya`t nagsabi sila:O Sugo ni Allah,Hindi ba kami magtitiwala sa aklat nami? Nagsabi siya:((Magtrabaho kayo,sapagkat ang lahat ay magiging madali,ayon sa nilikha sa kanya)) At binanggit ang wastong Hadith
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang mga kasamahan ng Propeta-malugod si Allah sa kanila-ay sa libingan ng isa sa kanila sa sementeryo ng mga tao sa Madinah,Umupo ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa gitna ng mga kasamahan niya,at sa kamay nito ay patpat,ibinaba niya ang ulo nito at iniyuko niya siya lupa na tulad ng tagapag-isip na nalulungkot,at gumawa siya ng hukay sa lupa gamit ang patpat nito,pagkatapos ay nagsabi siya:Katotohanan si Allah-pagkatas-taas Niya-ay isinulat Niya ang mga itinakda sa mga tao,at isinulat Niya ang pag-uupuan nila sa Paraiso at sa Impeyerno,at nang marinig nila ang tungkol doon mula sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi sila:Habang nanatili na nauna na ang

Kahihinatnan at Nakatakdang-Tadhana,Na ang Sawi ay sawi at ang Pinagpala ay pinagpala,At ang nasa Paraiso ay sa Paraiso,at ang nasa Impiyerno ay sa Impiyerno,at hangga`t mananatili na ganun ang mangyayari,Hindi ba namin iiwan ang pagtrabaho sapagkat walang kabuluhan ang pagsusumikap kung ang lahat ng bagay ay nakasulat at nakatakda na.Sinagot niya sila sa sinabi niya: Magtrabaho kayo at huwag kayong magtiwala sa anumang naitakda ni Allah mula sa kabutihan at kasamaan,Ngunit magtrabaho kayo sa angkop na ipinag-utos sa inyo at ipagbawal ninyo ang anumang ipinagbawal sa inyo,sapagkat ang Paraiso ay hindi makakamit maliban sa pagtrabaho at ang Impiyerno ay hindi makakamit maliban sa pagtrabaho,Kaya`t walang makakapasok sa Impiyerno maliban sa sinumang gumawa ng mga gawain ng tao sa Impiyerno,walang makakapasok sa Paraiso maliban sa sinumang gumawa ng mga gawain ng tao sa Paraiso,sapagkat ang lahat ay magiging madali,ayon sa nilikha sa kanya,mula sa kabutihan o kasamaan,Kaya`t sinuman ang kabilang sa mga taong pinagpala,papadaliin ni Allah sa kanya ang paggawa (ng bagay upang mapabilang)sa mga tao na Pinagpala,at sinuman ang kabilang sa mga taong nasawi,papadaliin ni Allah sa kanya ang paggawa (ng bagay upang mapabilang) sa mga taong Nasawi.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8869